DEPED DIVISION OF CATANDUANES
RECORDS SECTION
RELEASED
BY:
DATE: 22 NOV 2023 2:51

Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region V – Bicol
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES**

**DIVISION MEMORANDUM**
**No. 499 s, 2023**

| | | |
|---|---|---|
| **TO** | : | **Chief, Education Program Supervisors- CID**<br>**Education Program Supervisors**<br>**Public Schools District Supervisors**<br>**Heads, Public and Private Elementary**<br>**All Others Concerned** |
| **FROM** | : | **SOCORRO V. DELA ROSA, CESO V**<br>**Schools Division Superintendent** |
| **SUBJECT** | : | **2023 ADMINISTRATION OF PHILIPPINE EARLY CHILDHOOD DEVELOPMENT (PECD) CHECKLIST** |
| **DATE** | : | **November 20, 2023** |

1. With reference to DepEd Order No. 22, s. 2023 entitled *Implementing Guidelines on the School Calendar and Activities for the School Year 2023-2024*, School Division Office (SDO) of Catanduanes through the Curriculum Implementation Division (CID), enjoins all elementary to administer the PECD three (3) times for the whole school year, pre-test, mid and post-test.

2. All public and private elementary shall continue to use the said checklist as the main tool for monitoring the developmental milestones among kindergarten learners. Results of this will serve as the basis for planning and implementing interventions to address risks of developmental delays and boost growth and development among kindergarten learners.

3. The PECD checklist pre-test shall be administered by the kindergarten teacher not earlier than two (2) weeks after the opening of classes, or at the appropriate time when the child has already established rapport with the teacher/ and/or others who will involve in the assessment. The mid test shall be conducted on February 5-9, 2024 and the post-test on May 27-31, 2024. The standard procedure in the administration shall be followed by all concerned to gather reliable and valid data.

4. The contextualized PECD template (pls see attached) shall be used by the kindergarten teachers in recording the PECD results. School LOGO may vary. The soft copy shall be forwarded to the group chat for PSDSs, Catanduanes Kindergarten group and Catanduanes Private Schools group.

5. Further, DepEd Order No. 47, s. 2016, provides the assessment mechanism for kindergarten learners. The prescribed ***Progress Report Card*** will serve as the basis for kindergarten permanent record. This is being given to parents every quarter.

San Roque, Virac, Catanduanes
052-8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com / www.catanduanes.deped.gov.ph

6. Guidelines on the Administration of the Philippine Early Childhood Development (PECD) Checklist using the Filipino version is attached as an enclosure for guidance and reference purpose.

7. The results of the pre, mid, and post tests shall be submitted thru automated link via google sheet to be provided every assessment period.

8. School heads and Public School District Supervisors shall continuously conduct close monitoring and evaluation on the specific provisions to ensure timely and effective delivery of kindergarten education services.

9. Expenses relative to the conduct of this activity shall be charged against local funds subject to the usual accounting and auditing rules and procedures.

10. Please see the following enclosures:

- Enclosure 1: Philippine Early Childhood Development Assessment Filipino Version
- Enclosure 2: Philippines Early Childhood Development Checklist Guidelines
- Enclosure 3: Contextualized PECD Checklist

11. Immediate dissemination of and compliance with this Memorandum is earnestly desired.

References:

1. DM -CI-2020-00080
2. DO No. 22, s. 2023- Implementing Guidelines on the School Calendar and Activities for the School Year 2023-2024
3. DO No. 47 s. 2016 – Omnibus Policy on Kindergarten Education Program



San Roque, Virac, Catanduanes
052-8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com / www.catanduanes.deped.gov.ph

*Enclosure No. 1 to Division Memorandum No. ___ s, 2023 ( PECD-Filipino Version)*

Para sa mga Magulang:

Ang Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist ay dinisenyo para magamit ng mga guro, mga naglilingkod para sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa mga daycare, mga tagapag-alaga, at mga magulang. Sa pamamagitan nito, matutukoy kung sapat ba o nasa pagkaantala ang pag-unlad ng bata.

Ang tseklis na ito ay HINDI inilaan upang magamit sa sumusunod: 1) paggawa ng isang medikal na pagsusuri; 2) pagtukoy sa intelligence quotient (IQ) ng isang bata; o sa 3) pagsukat sa akademikong pagtamo. Ito ay una lamang sa napakaraming hakbang para sa proseso ng komprehensibong pagsusuri sa bata. Sa gayon, ang mga batang matutukoy na may pagkaantala sa kaniyang pag-unlad ay maagap na matutugunan sa kaniyang pangangailangan.

Ang tseklis na ito ay para sa mga batang may edad na tatlong taong gulang at isang buwan hanggang limang taon at 11 na buwan. Ang mga aytem sa tseklis ay nahahati sa pitong mga domain: 1) gross motor, 2) fine motor, 3) self-help, 4) receptive language, 5) expressive language, 6) cognitive, at 7) socio-emotional.

Gagamitin ito para sa mga mag-aaral ng Kindergarten ng Kagawaran ng Edukasyon.

| **GROSS MOTOR DOMAIN** | |
|---|---|
| 1. Nakaaakyat sa upuan o iba pang maaakyatang bagay/kasangkapan gaya ng kama nang walang tulong. | |
| 2. Nakalalakad nang paatras. | |
| 3. Nakatatakbo nang hindi nadadapa. | |
| 4. Nakabababa sa hagdan nang dalawang paa sa bawat hakbang na nakahawak ang isang kamay sa gabay ng hagdanan. | |
| 5. Nakaaakyat sa hagdan nang dalawang paa sa bawat hakbang na nakahawak sa gabay ng hagdanan | |
| 6. Nakaaakyat sa hagdan nang salitan ang mga paa at hindi humahawak sa gabay ng hagdanan. | |
| 7. Nakabababa sa hagdan nang salitan ang mga paa at hindi humahawak sa gabay ng hagdanan | |
| 8. Naigagalaw ang baagi ng katawan na tinutukoy | |
| 9. Nakatatalon | |
| 10. Naihahagis ang bola nang paitaas na may direksyon | |
| 11. 1Nakalulundag nang isa hanggang tatlong beses gamit ang mas gustong paa. | |
| 12. Nakatatalon at nakaiikot | |
| 13. Nakasasayaw nang may pinaparisan o tinutularan/nakalalahok sa mga gawaing ukol sa kilos o galaw na para sa grupo. | |

Ang mga aytem sa tseklis ay maaaring na oobserbahan na ninyo sa pang-araw-araw na gawain ng inyong mga anak. Kung hindi pa ninyo nakikita o naoobserbahan, maaari ninyong subukang ipagawa sa kanila.

Lagyan ng tsek (/) ang angkop na hanay kung ito ay kayang gawin o hindi pa kayang gawin.

| SELF HELP DOMAIN | | |
|---|---|---|
| 1 | Nakakakain ng mga pagkaing nakakamay (gaya ng biskwit at tinapay) | |
| 2 | Nakakakain gamit ang mga daliri para makakain ng kanin at ulam nang may natatapon | |
| 3 | Nakakakain gamit ang kutsara nang may natatapon na pagkain | |
| 4 | Nakakakain gamit ang mga daliri nang walang natatapon na pagkain | |
| 5 | Nakakakain gamit ang kutsara nang walang natatapon na pagkain | |
| 6 | Nakakakain nang hindi sinusubuan sa tuwing kakain | |
| 7 | Nakahahawak ng baso/tasa para sap aginom nang may tulong | |
| 8 | Nakaiinom sa bason ang may natatapon | |
| 9 | Nakaiinom sa bason ang walang umaalalay | |
| 10 | Nakakukuha ng inumin nang mag-isa | |

| | | |
|---|---|---|
| 11 | Naisasalin sa baso ang inumin mula sa pitsel nang walang tapon | |
| 12 | Nakapaghahanda ng sariling pagkain/meryenda | |
| 13 | Nakapaghahanda ng pagkain para sa nakababatang kapatid/ibang miyembro ng pamilya | |
| 14 | Nakikipagtulungan kung binibihisan (hal.Itinataas ang mga kamay at paa) | |
| 15 | Nakapaghuhubad ng sariling shorts na may garter | |
| 16 | Nakapaghuhubad ng sariling sando | |
| 17 | Nakapagbibihis nang sarili na walang tulong, maliban sa pagbubutones at pagtatali | |
| 18 | Nakapagbibihis nang sarili na walang tulong kasama ang pagbubutones at pagtatali | |
| 19 | Nagsasabi sa nakatatanda pagkatapos lamang makaihi o makadumi sa kaniyang shorts. | |
| 20 | Nagsasabi sa nakatatanda kapag kailangan umihi o dumumi upang makapunta sa tamang lugar (Comfort Room-C.R) | |
| 21 | Nakapupunta sa tamang lugar upang umihi o dumumi ngunit minsan ay naiihi at nadudumi pa rin sa shorts | |
| 22 | Nakakapunta sa tamang lugar upang umihi at dumumi at hindi na ito ginagawa sa kaniyang shorts o pambabang kasuotan. | |
| 23 | Napupunasan/nalilinisan ang sarili pagkatapos dumumi. | |
| 24 | Nakikipagtulungan kung pinapaliguan (hal. Kinukuskos ang mga braso) | |
| 25 | Nahuhugasan ang kamay nang walang tulong | |
| 26 | Nakapaghihilamos nang walang tulong | |
| 27 | Nakaliligo nang walang tulong | |
| **KABUUANG ISKOR:** | | |

| RECEPTIVE LANGUAGE DOMAIN | |
|---|---|
| Naituturo ang miyembro ng pamilya kapag ipinagawa | |
| Naituturo ang limang bahagi ng katawan kapag ipinagawa | |
| Naituturo ang limang napangalanang larawan ng mga bagay kapag ipinagawa | |
| Nakasusunod sa isang hakbang na panuto na mayroong simpleng pang-ukol (halimbawa: sa, sa mga, para sa/kay) | |

| |
|---|
| Nakasusunod sa dalawang hakbang na panuto na mayroong simpleng pang-ukol (halimbawa: kunin ang bola sa ilalim ng upuan at ibigay kay nanay) |
| **KABUUANG ISKOR:** |


| | |
|---|---|
| **EXPRESSIVE LANGUAGE DOMAIN** | |
| 1 | Nakagagamit ng 5-20 na nakikilalang salita (halimbawa: mama, papa, etc.) |
| 2 | Nakagagamit ng panghalip (hal. ako, ikaw, siya) |
| 3 | Nakagagamit ng 2-3 kombinasyon ng pandiwa-pangngalan (hal.hingi ng gatas) |
| 4 | Napapangalanan ang mga bagay sa isang larawan (hal.larawan ng bola, nasasabi ng bata na ito ay bola) |
| 5 | Nakapagsasalita nang tama 2-3 salita sa tamang pangungusap |
| 6 | Nakapagtatanong ng mga "ano" na tanong |
| 7 | Nakapagtatanong ng "sino" at "bakit" na tanong |
| 8 | Naikukuwento ang karanasan (kapag tinatanong/dinidiktahan) nang naayon sa |
| | pagkakasunod sunod na pangyayari gamit ang mga salitang tumutukoy sa pangnakaraan (past tense) |
| **KABUUANG ISKOR:** | |


| | |
|---|---|
| **COGNITIVE DOMAIN** | |
| 1 | Nakikita ang direksyon ng nahuhulog na bagay |
| 2 | Nahahanp ang mga bagay na bahagyang nakatago |
| 3 | Nagagaya ang mga kilos na nakikita pa lamang |
| 4 | Naibibigay ang bagay ngunit hindi ito binibitiwan |
| 5 | Nahahanap ang mga bagay na lubusang nakatago |
| 6 | Nakapaglalaro ng kunwari-warian (gaya ng pagpapakain at pagpapatulog sa manika) |
| 7 | Napagtutugma ang mga bagay |
| 8 | Napagtutugma ang 2-3 mga kulay |
| 9 | Napagtutugma ang mga larawan |
| 10 | Naihihiwalay ang mga bagay batay sa hugis |
| 11 | Naihihiwalay ang mga bagay batay sa dalawang katangian (hal. sa laki at sa hugis) |
| 12 | Naisasaayos ang mga bagay batay sa laki mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki |
| 13 | Napapangalanan ang 4-6 na kulay |
| 14 | Nagagaya ang mga hugis |
| 15 | Napapangalanan ang mga hayop at gulay kapag tinatanong |
| 16 | Nasasabi ang gamit ng karaniwang kasangkapan sa bahay |
| 17 | Nabubuo ang simple puzzle |
| 18 | Naiintindihan ang mga makakasalungat na salita sa pamamagitan ng pagkumpleto ng pangungusap (hal. Ang aso ay malaki, ang daga ay |
| 19 | Naituturo ang kaliwa at kanang bahagi ng katawan |
| 20 | Nasasabi kung ano ang mali sa larawan (hal.larawan ng pusang may pakpak. Itatanong sa bata kung ano ang mali sa larawan) |
| 21 | Napagtutugma ang malalaki at maliliit na mga letra. |
| **KABUUANG ISKOR:** | |

| SOCIAL EMOTIONAL | |
|---|---|
| 1 | Nasisiyahan sa panonood sa mga ginagawa ng mga tao o hayop sa kalapit na lugar |
| 2 | Nakikipagkaibigan sa mga hindi kakilala ngunit sa una ay natatakot o nahihiya |
| 3 | Naglalaro nang mag-isa ngunit gustong malapit sa kilalang nakatatanda o sa mga kuya o ate |
| 4 | Natatawa / nagsasalita nang malakas sa paglalaro |
| 5 | Naglalaro ng "bulaga" |
| 6 | Napagugulong ang bola sa kalaro o tagapag-alaga |
| 7 | Niyayakap ang mga laruan |
| 8 | Naipakikita ang paggalang sa mga nakatatanda sa pamamagitan ng paggamit ng "po" at "opo" |
| 9 | Nagpapahiram ng mga laruan sa kalaro |
| 10 | Nagagaya ang mga ginagawa ng mga nakakatanda (hal. pagluluto o paghuhugas |
| 11 | Natutukoy ang nararamdaman ng iba |
| 12 | Naisasagawa nang tama ang mga nakasanayang pag-uugali nang hindi pinaalalahanan (gaya ng pagmamano, paghalik) |
| 13 | Napasasaya ang nalulungkot na mga kalaro |
| 14 | Nagsusumikap kung may mga problema at hadlang sa kaniyang mga nais/ gusto |
| 15 | Naipakikita ang pagtulong sa mga gawaing bahay (hal. pagpupunas ng mesa, pagdidilig) |
| 16 | Naipakikita ang pagiging mausisa sa kapaligiran subalit nalalaman kung kalian dapat huminto sa pagtatanong sa nakatatanda |
| 17 | Nakapaghihintay sa kaniyang panahon/oras |
| 18 | Nakahihingi ng pahintulot na mahiram ang laruan na nilalaro ng ibang bata |
| 19 | Naipaglalaban nang may determinasyon ang sariling gamit |
| 20 | Nakikipaglaro nang maayos sa grupo (hindi nandadaya para manalo) |
| 21 | Nasasabi ang mga nararanasang hindi magandang nararamdaman (hal. galit, lungkot, pag-aalala) |
| 22 | Naipakikita ang paggalang sa napagusapang kasunduan ng tagapag-alaga (hal. nakapaglalaro sa labas pagkatapos lamang maglinis ng kaniyang kwarto) |
| 23 | Nababantayan nang mabuti ang nakababatang kapatid/miyembro ng pamilya |
| 24 | Nakikipagtulungan sa nakakatanda at mga kasama sa mga sitwasyon para maiwasan ang mga pag-aaway at alitan |
| **KABUUANG ISKOR:** | |

## PARAAN NG PAGSASAGAWA NG PHILIPPINE EARLY CHILDHOOD DEVELOPMENT (PHIL. ECD) CHECKLIST

### 1. Ano ba ang Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist?




Ang **Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist** ay dinisenyo para magamit ng mga guro, mga naglilingkod para sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa Kindergarten, mga tagapag-alaga, at mga magulang. Sa pamamagitan nito, matutukoy kung sapat ba o nasa pagkaantala ang pag-unlad ng bata.
Ito ay instrumento upang masukat ang kakayahan ng isang bata sa iba't-ibang aspeto ng pagkatuto. Ito ay dinisenyo upang malaman ng mga guro at mga magulang kung tama ba o may pagkukulang sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa Kindergarten.

### 2. Para saan ito ginagamit?

Ang tseklis na ito ay HINDI inilaan upang magamit sa sumusunod:


1) paggawa ng isang medikal na pagsusuri;
2) pagtukoy sa intelligence quotient (IQ) ng isang bata; o sa
3) pagsukat sa akademikong pagtamo.

Ito ay una lamang sa napakaraming hakbang para sa proseso ng komprehensibong pagsusuri sa bata. Sa gayon, ang mga batang matutukoy na may pagkaantala sa kaniyang pag-unlad ay maagap na matutugunan sa kaniyang pangangailangan.

### 3. Para kanino ang tseklis na ito?

Ang tseklis na ito ay para sa mga batang may edad na tatlong taong gulang at isang buwan hanggang limang taon at 11 na buwan. Ang mga aytem sa tseklis ay nahahati sa pitong mga domain:

1) gross motor,
2) fine motor,
3) self-help,
4) receptive language,
5) expressive language,
6) cognitive, at
7) socio-emotional.




Gagamitin ito para sa mga mag-aaral ng Kindergarten ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga aytem sa tseklis ay maaaring na oobserbahan na ninyo sa pang-araw-araw na gawain ng inyong

mga anak. Kung hindi pa ninyo nakikita o naoobserbahan, maaari ninyong subukang ipagawa sa kanila.

**4. Sino ang magsasagawa nito?**

Ang pagsasagawa ng Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist ay karaniwang ginagawa ng mga guro sa normal sa sitwasyon. Ngunit dahil sa pandemyang COVID-19, hinihiling ang kooperasyon ng mga magulang at mga guardian o tagapag-alaga ng mga batang Kindergarten na maisagawa ang **Pre-Test** ng Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist sa loob ng inyong tahanan para sa kaligtasan ng inyong mga anak.

**5. Paano isasagawa ang tseklis?**

Madali lamang ang pagsasagawa ng Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist. Ito ay isinalin sa wikang Tagalog. Basahin lamang ng mabuti ang mga panuto at sundin ito.
Lagyan ng tsek (/) ang angkop na hanay kung ito ay kayang gawin o hindi pa kayang gawin May dalawang hanay sa checklist, ang "Kayang Gawin" at "Di Pa Kayang Gawin". Lalagyan lang ng tsek (/) ang angkop na hanay ayon sa inyong obserbasyon kung ito ay naisasagawa na at hindi pa naisasagawang mga gawain ng batang magaaral. Gumamit ng ballpen sa pagsasagot nito.
Iwasan na madumihan ang tseklis dahil ibabalik po ito sa guro matapos sagutan. Maging tapat sa paglalagay ng marka. Huwag pilitin ang bata kung hindi handa pa siya handing isagawa ang nakasaad na gawain.
Kung may mga hindi maintidihan sa tseklist, maaaring magtanong sa guro upang maiwasan ang pagkakamali.
Bilangin ang kabuuang bilang ng tsek at ilagay sa "Kabuuang Iskor" sa ibaba ng bawat domain.
Kung tapos na, isauli ang tseklist sa guro upang maitala ang iskor ng batang magaaral.
Narito ang maikling deskripsyon sa bawat "domain" ng Philippine Early Childhood Development (Phil. ECD) Checklist upang ito ay mas lalong maintindihan at maisagawa ng wasto at tama.

**A. Gross Motor Domain** – Ito ay ang pinakamabilis na kasanayang nalilinang ng mga bata. Ito rin ay paggalaw gamit ang mga muscles at joints o ang buong katawan ng may koordinasyon.

Ang mga halimbawa ng mga gawaing nakapaloob sa Gross Motor Domain ay ang mga sumusunod:

1. Paglakad
2. Pagtakbo
3. Pagtalon
4. Pagsayaw

**B. Fine Motor Domain** – Ito ay ang abilidad ng isang bata na makagawa ng galaw gamit ang maliliit na kalamanan o muscles sa mga kamay at palad.

Gumagamit ang mga bata ng Fine Motor Skills kapag ito ay:

1. Nagsusulat at nagkukulay
2. Nagbubutones ng damit
3. Naglilipat ng pahina sa aklat
4. Hinahawakan ang maliliit na bagay
5. Kumakain
6. Gumugupit gamit ang gunting

Tandaan:
Ang mga sub-domain sa Fine Motor Domain sa tseklis ay ang mga kasanayan sa paghawak na kaya ng gawin ng isang bata at nagagawa ito ng maayos ayon sa ating araw-araw na pagmamasid sa mga bata.

**C. Self-Help Domain** – ay isang kasanayan na kailangan ng isang bata sa pang – araw-araw na pamumuhay tulad ng pagpapakain sa sarili, paglilinis ng katawan, pagsusuot ng damit at marami pang iba.

Ang Self-Help Skills ay may apat (4) na uri:

1. Pagpapakain sa sarili
2. Malayang pagdadamit at pagsasaayos ng sarili
3. Paglinis at pagpunta sa palikuran
4. 4. Pagtulong sa mga gawaing bahay at pagsasaayos ng mga kagamitan.

Tandaan:
Ang self-help skills ay mga kasanayan sa praktikal na buhay o "practical life skills", na ibig sabihin ay naisasagawa na ng mga bata. Kailangan masusing obserbasyon para dito.
Tiyakin po natin na ang mga kasanayang ito ay makikitang kaya ng gawin ng mga bata. Hindi kinakailangang magalit ang magulang kung hindi pa kaya ang mga gawaing nakapaloob dito tulad ng pagbubutones at pag-inom ng tubig ng walang natatapon. Ito ay matutunan din ng mga bata sa mga darating na araw.

**D. Receptive Domain** – ito ay kasanayan ng isang bata na makinig at maunawaan ang sinasabi ng ibang tao.

Sub-domain:

1. Tinuturo ang pamilyar na mga kapamilya o mga bagay kapag pinapaturo
2. Tinuturo ang limang (5) bahagi ng katawan kapag inuutusan
3. Tinuturo ang tatlong napangalanang larawan ng mga bagay
5. Sumusunod sa utos na may simpleng pang-ukol
6. Sumusunod sa dalawang (2) lebel na utos na may simpleng pang-ukol

Tandaan:
Ang mga kasanayang nakapaloob sa Receptive Domain ay mapapansin na rin ninyo sa mga bata lalo na kapag sila ay nakakasunod sa inyong mga iniutos o pinagagawa.

**E. Expressive Domain** – ito ay kasanayan ng isang bata na maipahayag ang kanyang nararamdaman. Nagsasalita ng tamang pangungusap, nakakapagtanong gamit ang salitang ano, sino, at bakit.
Nakakapagkwento ng kanyang karanasan.

Tandaan:
Ang mga kasanayang nakapaloob sa Expressive Domain ay inyong mapapansin habang sila ay nakikipag-usap at nagtatanong.
Natural lamang na magtanong ang mga bata dahil sila ay may mga gustong malaman sa mga bagay-bagay sa kanilang paligid. Huwag natin silang pigilan o pagalitan. Ipaliwanag sa kanila ito sa mahinahong paraan.

**F. Cognitive Domain** – ay ang kakayahan ng isang bata na makapag-isip at unawain ang mga bagay sa kanyang paligid. Dito makikita ng mga bata ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga bagay, paano siya mangatwiran, at paano niya maso-solusyonan ang isang simpleng problema.

Tandaan:

1. Kailangan ng kahandaan ng bata at magulang.
2. Iwasan ang mga bagay na makakasagabal sa pagsasanay.
3. Magkaroon ng mahabang pasensiya sa pagsasagaw nito.
4. Huwag pagalitan ang bata kung hindi pa niya nagagawa ang isang gawain.

**G.Socio-Emotional Development** – ito ay ang kakayahan ng isang bata na maintindihan ang mga nararamdaman ng ibang tao, makontrol ang kanyang emosyon at pag-uugali, makisalamuha sa ibang bata at makibahagi sa mga nakatatanda.

Ang socio-emotional development domain ay naka pokus sa talong (3) bagay:

1. Pagpapahayag ng sarili
2. Pagpapakita ng Emosyon
3. Pakikibahagi sa ibang tao

Tandaan:
Ang mga kasanayang nakikita sa socio emotional domain ay mga nakikitang pag uugali ng isang bata sa loob at labas ng bahay o maging sa ibang lugar. Hindi kinakailangan ng mga kagamitan upang maisagawa ito. Sa pagsasagawa nito, maaaring magbigay sa mga bata ng mga gawaing bahay na kaya na nilang gawin at pagbibigay ng oras sa kanilang paglalaro.

| # | | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 16 | Nasasabi ang gamit ng karaniwang kasangkapan sa bahay | | | |
| 17 | Nabubuo ang simple puzzle | | | |
| 18 | Naiintindahan ang mga makakasalungat na salita sa pamamagitan ng pagkumpleto ng pangungusap (hal. Ang aso ay malaki, ang daga ay ) | | | |
| 19 | Naituturo ang kaliwa at kanang bahagi ng katawan | | | |
| 20 | Nasasabi kung ano ang mali sa larawan (hal. larawan ng pusang may pakpak. Itatanong sa bata kung ano ang mali sa larawan.) | | | |
| 21 | Napagtutugma ang malalaki at maliliit na mga letra | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| | SOCIAL-EMOTIONAL DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nasisiyahan sa panonood sa mga ginagawa ng mga tao o hayop sa kalapit na lugar | | | |
| 2 | Nakikipagkaibigan sa mga hindi kakilala ngunit sa una ay natatakot o nahihiya | | | |
| 3 | Naglalaro nang mag-isa ngunit gustong malapit sa kilalang nakatatanda o sa mga kuya o ate | | | |
| 4 | Natatawa/nagsasalita nang malakas sa paglalaro | | | |
| 5 | Naglalaro ng "bulaga" | | | |
| 6 | Napagugulong ang bola sa kalaro o tagapag-alaga | | | |
| 7 | Niyayakap ang mga laruan | | | |
| 8 | Naipakikita ang paggalang sa mga nakatatanda sa pamamagitan ng pagamit ng "po" at "opo" | | | |
| 9 | Nagpapahiram ng mga laruan sa kalaro | | | |
| 10 | Nagagaya ang mga ginagawa ng mga nakakatanda (hal. pagluluto o paghuhugas | | | |
| 11 | Natutukoy ang nararamdaman ng iba | | | |
| 12 | Naisasagawa nang tama ang mga nakasayang pag-uugali nang hindi pinaalalahanan (gaya ng pagmamano, paghalik) | | | |
| 13 | Napasasaya ang nalulungkot na mga kalaro | | | |
| 14 | Nagsusumikap kung may mga problema at hadlang sa kaniyang mga nais/gusto | | | |
| 15 | Naipakikita ang pagtulong sa mga gawaing bahay (hal. pagpunas ng mesa, pagdidilig) | | | |
| 16 | Naipakikita ang pagiging mausisa sa kapaligiran subalit nalalaman kung kailan dapat huminto sa pagtatanong sa nakatatanda | | | |
| 17 | Nakapaghihintay sa kaniyang panahon/oras | | | |
| 18 | Nakahihingi ng pahintulot na mahiram ang laruan na nilalaro ng ibang bata | | | |
| 19 | Naipaglalaban nang may determinasyon ang sariling gamit | | | |

| # | | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 19 | Naipaglalaban nang may determinasyon ang sariling gamit | | | |
| 20 | Nakikipaglaro nang maayos sa grupo (hal. hindi nandadaya para manalo) | | | |
| 21 | Nasasabi ang mga nararanasang hindi magandang nararamdaman (hal. galit, lungkot, pag-aalala) | | | |
| 22 | Naipakikita ang paggalang sa napag-usapang kasunduan ng tagapag-alaga (hal. makapaglalaro sa labas pagkatapos lamang maglinis ng kaniyang kuwarto) | | | |
| 23 | Nababantayan nang mabuti ang nakababatang kapatid/ miyembro ng pamilya | | | |
| 24 | Nakikipagtulungan sa nakakatatanda at mga kasama sa mga sitwasyon para maiwasan ang mga pag-aaway at alitan | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| DOMAIN | PRE | | MID | | POST | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | AGE: | | AGE: | | AGE: | |
| | RAW SCORE | SCALED SCORE | RAW SCORE | SCALED SCORE | RAW SCORE | SCALED SCORE |
| GROSS MOTOR | | | | | | |
| FINE MOTOR | | | | | | |
| SELF-HELP | | | | | | |
| RECEPTIVE LANGUAGE | | | | | | |
| EXPRESSIVE LANGUAGE | | | | | | |
| COGNITIVE | | | | | | |
| SOCIO-EMOTIONAL | | | | | | |
| SUM OF SCALED SCORE | | | | | | |
| STANDARD SCORE | | | | | | |
| DATE TESTED | / / | | / / | | / / | |
| INTERPRETATION | | | | | | |

| ASSESSMENT | TEACHER'S COMMENTS | PARENT'S SIGNATURE |
|---|---|---|
| PRE | | |
| MID | | |
| POST | | |

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION MATATAG Bansang Makabata Batang Makabansa

BAGONG PILIPINAS

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION V (BICOL)
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF CATANDUANES
(DISTRICT)
(SCHOOL NAME)
(SCHOOL ADDRESS)

School

# PHILIPPINE EARLY CHILDHOOD DEVELOPMENT CHECKLIST CHILD'S RECORD FORM 2

3.1-5.11 YEARS OLD - SCHOOL YEAR 2023-2024

## SOCIODEMOGRAPHIC PROFILE:

PANGALAN NG BATA: ______________________________
*Apilyedo* *Pangalan* *Gitnang Pangalan*

Araw ng Kapanganakan : ____/____/______ Edad: ___.___ Kasarian: _______
*Buwan Araw Taon* *Taon/Buwan* *Lalaki / Babae*

Address : ______________________________
*Barangay* *Bayan* *Lalawigan* *Rehiyon*

Kamay ng Bata Pagnagsusulat ☐ *Kanan* ☐ *Kaliwa* ☐ *Hindi pa Tiyak*
*(Lagyan ng tsek ang Nararapat na Kahon)*

Ang bata ba ay kasalukuyang nag-aaral? ☐ *Oo* ☐ *Hindi*
*(Lagyan ng tsek ang Nararapat na Kahon)*

Pangalan ng Tatay : ______________________________

Trabaho : ______________ Natapos na Edukasyon: ______________

Pangalan ng Nanay: ______________________________

Trabaho : ______________ Natapos na Edukasyon: ______________

Bilang ng mga Kapatid : _______ Pang-ilan sa mgakakapatid: _______

**LEARNER'S REFERENCE NUMBER (LRN) : ______________**

*Mga Magulang,*

*Ang Philippine Early Childhood and Development Checklist (Form 2) ay nagtataglay ng mga kakahayan, ugali, at kaalaman ng mga batang 3.0 hanggang 5.11 taon. Ito ay maaaring gamiting gabay sa pagkilala ng inyong anak at sa kalaunan ay makagawa ng angkop na pag-aalaga, pagtuturo, at paggabay sa kanilang pagpapalaki at pag-unlad.*

______________
*Guro*

______________
*Punong Guro*

Lagyan ng **tsek (/)** ang angkop na hanay kung ito ay kayang gawin at **haypen (-)** kung hindi nagawa.

| | GROSS MOTOR DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nakaaakyat sa upuan o iba pang maaakyatang bagay/ kasangkapan gaya ng kama nang walang tulong. | | | |
| 2 | Nakalalakad nang paatras | | | |
| 3 | Nakatatakbo nang hindi nadadapa | | | |
| 4 | Nakabababa sa hagdan nang dalawang paa sa bawat hakbang na nakahawak nang isang kamay sa gabay ng hagdanan. | | | |
| 5 | Nakaaakyat sa hagdan nang dalawang paa sa bawat hakbang na nakahawak sa gabay ng hagdaan | | | |

| | | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 6 | Nakaaakyat sa hagdan nang salitan ang mga paa at hindi humahawak sa gabay ng hagdanan. | | | |
| 7 | Nakabababa sa hagdan nang salitan ang mga paa at hindi humahawak sa gabay ng hagdanan | | | |
| 8 | Naigagalaw ang bahagi ng katawan na tinutukoy | | | |
| 9 | Nakatatalon | | | |
| 10 | Naihahagis ang bola nang paitaas na may direksyon | | | |
| 11 | Nakalulundag nang isa hanggang tatlong beses gamit ang mas gustong paa | | | |
| 12 | Nakatatalon at nakaiikot | | | |
| 13 | Nakasasayaw nang may pinaparisan o tinutularan/nakalalahok sa mga gawaing ukol sa kilos o galaw na para sa grupo. | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| | FINE MOTOR DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nagagamit ang lahat ng limang daliri sa kamay upang makuha ang pagkain/laruan na nakalagay sa patag na espasyo. | | | |
| 2 | Nakukuha ang mga bagay gamit ang hinlalaki at hintuturo | | | |
| 3 | Naipakikita ang gustong kamay na laging ginagamit | | | |
| 4 | Nalalagay/natatanggal ang mga maliliit na bagay mula sa lalagyan | | | |
| 5 | Nahahawakan ang krayola nang nakatikom ang mga daliri sa palad | | | |
| 6 | Natatanggal ang takip ng bote/lalagyan o inaalis ang mga balot ng mga pagkain | | | |
| 7 | Nakaguguhit nang kusa | | | |
| 8 | Nakaguguhitn ang patayo at pahalang na linya | | | |
| 9 | Nakaguguhit ng hugis bilog | | | |
| 10 | Nakaguguhit ang larawan ng tao (ulo, mata, katawan, braso, kamay o paa) | | | |
| 11 | Nakaguguhit ang bahay gamit ang iba't- ibang uri ng hugis (parisukat, tatsulok) | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| | SELF-HELP DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nakakakain ng mga pagkaing nakakamay (gaya ng biskwit at tinapay) | | | |
| 2 | Nakakakain gamit ang mga daliri para makakain ng kanin at ulam nang may natatapon | | | |
| 3 | Nakakakain gamit ang kutsara nang may natatapon na pagkain | | | |
| 4 | Nakakakain gamit ang mga daliri nang walang natatapon na pagkain | | | |
| 5 | Nakakakain gamit ang kutsara nang walang natatapon na pagkain | | | |
| 6 | Nakakakain nang hindi na sinusubuan sa tuwing kakain | | | |
| 7 | Nakahahawak ng baso/tasa para sa pag-inom nang may tulong | | | |
| 8 | Nakaiinom sa baso nang may natatapon | | | |
| 9 | Nakaiinom sa baso nang walang umaalalay | | | |
| 10 | Nakakukuha ng inumin nang mag-isa | | | |
| 11 | Naisasalin sa baso ang inumin mula sa pitsel nang walang tapon | | | |
| 12 | Nakapaghahanda ng sariling pagkain/meryenda | | | |
| 13 | Nakapaghahanda ng pagkain para sa nakababatang kapatid/ ibang miyembro ng pamilya | | | |
| 14 | Nakikipagtulungan kung binibihisan (hal. Itinataas ang mga kamay at paa) | | | |
| 15 | Nakapaghuhubad ng sariling shorts na may garter | | | |
| 16 | Nakapaghuhubad ng sariling sando | | | |
| 17 | Nakapagbibihis nang sarili na walang tulong, maliban sa pag-bubutones at pagtatali | | | |
| 18 | Nakapagbibihis nang sarili na walang tulong kasama ang pagbubutones at pagtatali | | | |
| 19 | Nagsasabi sa nakatatanda pagkatapos lamang makaihi o makadumi sa kaniyang shorts. | | | |
| 20 | Nagsasabi sa nakatatanda kapag kailangan umihi o dumumi upang makapunta sa tamang lugar (C.R). | | | |
| 21 | Nakapupunta sa tamang lugar upang umihi o dumumi ngunit minsan ay naiihi at nadudumi pa rin sa shorts. | | | |
| 22 | Nakapupunta sa tamang lugar upang umihi o dumudumi at hindi na ito ginagawa sa kaniyang shorts o pambabang kasuo-tan. | | | |
| 23 | Napupunasan/nililinisan ang sarili pagkatapos dumumi | | | |
| 24 | Nakikipagtulungan kung pinapaliguan (hal. kinukuskos ang mga braso) | | | |
| 25 | Nahuhugasan ang kamay nang walang tulong | | | |
| 26 | Nakapaghihilamos nang walang tulong | | | |
| 27 | Nakaliligo nang walang tulong | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| | RECEPTIVE LANGUAGE DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Naituturo ang miyembro ng pamilya kapag ipinagawa | | | |
| 2 | Naituturo ang limang bahagi ng katawan kapag ipinagawa. | | | |
| 3 | Naituturo ang limang napangalanang larawan ng mga bagay kapag ipinagawa | | | |
| 4 | Nakasusunod sa isang hakbang na panuto na mayroong simpleng pang-ukol (halimbawa: sa, sa mga, para sa/kay) | | | |
| 5 | Nakasusunod sa dalawang hakbang na panuto na mayroong simpleng pang-ukol (halimbawa: kunin ang bola sa ilalim ng upuan at ibigay kay nanay) | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| | EXPRESSIVE LANGUAGE DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nakagagamit ng 5-20 na nakikilalang salita (halimbawa: ma-ma, papa, at iba pa) | | | |
| 2 | Nakagagamit ng panghalip (hal. ako, ikaw, siya) | | | |
| 3 | Nakagagamit ng 2 - 3 kombinasyon ng pandiwa-pangngalan (hal. Hingi ng gatas) | | | |
| 4 | Napapangalanan ang mga bagay sa isang larawan (hal. la-rawan ng bola, nasasabi ng bata na ito ay bola) | | | |
| 5 | Nakapagsasalita nang tama - 2-3 salita sa tamang pangungu-sap | | | |
| 6 | Nakapagtatanong ng mga "ano" na tanong | | | |
| 7 | Nakapagtatanong ng "sino" at "bakit" na tanong | | | |
| 8 | Naikukuwento ang karanasan (kapag tinatanong/dinidiktahan) nang naayon sa pagkasunod sunod na pangyayari gamit ang mga salitang tumutukoy sa pangnakaraan (past-tense) | | | |
| | **KABUUANG ISKOR** | | | |

| | COGNITIVE DOMAIN | PRE | MID | POST |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nakikita ang direksyon ng nahuhulog na bagay | | | |
| 2 | Nahahanap ang mga bagay na bahagyang nakatago | | | |
| 3 | Nagagaya ang mga kilos na kakikita pa lamang | | | |
| 4 | Naibibigay ang bagay ngunit hindi ito binibitawan | | | |
| 5 | Nahahanap ang mga bagay na lubusang nakatago | | | |
| 6 | Nakapaglalaro ng kunwari-warian (gaya ng pagpapakain at pagpapatulog sa manika) | | | |
| 7 | Napagtutugma ang mga bagay | | | |
| 8 | Napagtutugma ang 2-3 mga kulay | | | |
| 9 | Napagtutugma ang mga larawan | | | |
| 10 | Naihihiwalay ang mga bagay batay sa hugis | | | |
| 11 | Naihihiwalay ang mga bagay batay dalawang katangian (hal. sa laki at sa hugis) | | | |
| 12 | Naisasaayos ang mga bagay batay sa laki mula sa pinaka-maliit hanggang sa pinakamalaki | | | |
| 13 | Napapangalanan ang 4-6 na kulay | | | |
| 14 | Nagagaya ang mga hugis | | | |
| 15 | Napapangalanan ang mga hayop at gulay kapag tinanong | | | |